MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

PARTY WHO RAISED THE ISSUE / SECTOR REPRESENTED	CONCERN / ISSUE	RESPONSE / Responding Party
1. Ms. Angie Aguas from PRA Head Office	Tanong ko lang po if the reclamation project is aligned po ba don sa Sustainable Development plan ng Manila Bay?	**Ms. Malou Gutierrez (PHILKAIROS):** I'm not from the City of Manila, pero being the private consultant, we are one of the prospective bidders for the formulation of the Manila Bay Sustainable Master Plan. Wala pa po yung master plan. We met with NEDA together with other possible consultants, nasa stage palang po sila ng pag-a-award para magawa yung Sustainable Development Program. In fact, when we started our contract, yun po ang una naming hinanap para macheck namin. You remember yung presentation ko po kanina on land use, dahil kailangan bukod dun sa land use, itse-check sana namin don. Well, unfortunately when we consulted yung NEDA, wala pa yung master plan talaga. So, I just don't know with the city if they have a separate one for a sustainable development of Manila Bay. **Ms. Cristina L. Echon (City of Manila)**

		Ang in-charge po kasi ditto is yung City Planning, pero meron naman na program for sustainable development. Actually, nung panahon ni Mayor Erap nagkaroon ng seed of excellence and City of Manila because yung ganung sustainable development. So, itong bale ika-6 years nya, kasama yung City of Manila na hindi natin naisasama sa seed of excellence ng Metro Manila. One of the, nabigyan sya ng seed of excellence ang City of Manila, bukod daw sa wala nang utang yung mahal na development like construction like ng mga K-12 schools at madami pang low-cost projects aside pa dito sa reclamation project. I think na yung sinasabing reclamation is also a sustainable development of the City of Manila. **Ms. Beth Mendoza (PRA)** Regarding dun sa sinasabi nyong Manila Bay sustainable master planning by NEDA. Ang balak nila is to get all this proposed reclamation and parang not just to incorporate but i-include sa pag-aaral nila sa master

		plan of the Manila Bay, yun lang.
2. Atty. Armi Corpuz, Office of the Sen. Cynthia Villar	So, I gathered sabi pinag-aaralan palang, so ibig sabihin po nun wala pa pong master plan, hindi pa kasama, so it could be that baka pre-mature yung proyekto nyo. At anyway, dahil sinabi ko nga po na si Senator Villar is representing the committee on environment, gusto ko lang pong ibigay yung kasi magaganda yung sinabi kanina eh lahat ng sa reclamation. So, first question ko po, sa public scoping po ba ano yung mga communities na sinama nyo, ano yung mga identified communities?	**Ms. Malou Gutierrez (PHILKAIROS):** Sinunod po naming yung guideline ng DENR, the minimum requirement which includes po una yung host barangay 128, all the sectoral representatives from PWDs, senior and everything, yung neighboring barangays po, pagkatapos areas within the 1 – 2 kilometer radius from the area, and then the agencies po having the decision over the process. So yun po ang minimum requirement from DENR.

	Thank you po. Kasi po kami and sinusubscribe po namin pagdating po sa reclamation ng Manila Bay. Because Manila Bay is a one big ecosystem, we would want to be included in the public scoping all the LGUs and communities surrounding the Manila Bay area. That is actually 178 LGUs, bakit po? Kasi kahit anong gawin mo sa isang parte ng Manila Bay meron po yun kunyari dito sa Manila, meron po yun effect kahit sa Pampanga, yung mga pagbaha, kahit sa Cavite. We subscribe to that. Kaya yung sinasabi nyo po kanina na malayo yung Las Pinas-Paranaque Critical Habitat and Eco-tourism Area or ang tinatawag na ngayong Las-Pinas – Paranaque Wetland part or isa nang protected area by virtue of R.A. 11038. Hindi po kami sumasang-ayon dun sa sinasabing hindi makakaapekto. Kasi sa ngayon ho ang nature, yung flow ng tubig, kaya ho, yung flow ng Manila Bay ng tubig, hindi natin alam, hindi tayo expert, yun ho yung nagbigay ng kagandahan doon sa tinatawag nating protected area. Kaya nga ho natin sya pinoprotektahan. And, I gathered from DENR that there is no, particularly not	**Ms. Malou Gutierrez (PHILKAIROS):** Initially lang po, particularly muna po siguro don sa source ng filing materials. We as preparer together with the developer adhere to the guideline on what is written in the EMB now, that there should be project alternatives. So, sa ngayon the primary source identified is the San Nicolas Shoal. But in one of our consultations, even the PRA, were mandated to look for other possible sources kung sakaling hindi doon. So, in our presentation, it was considered an estuary place in Orion, Bataan and dredge material from the side of Pampanga kasi nagbabaha din doon so what did the government did eh dinedredge nila yon. I just do not know kung saan nila tinatambak yung dinedredge but this are the same quality of sediments of the Manila Bay. So, yun po ang consideration. Once we present these alternatives, that's why po meron kaming counterpart with the DENR. We had specialists also, internally, who screen and evaluate our findings and then they

MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

	from EMB, that there is no holistic biological assessment done yet on the whole of Manila Bay. So, kung yung sinasabi kanina ng ating Marine, sorry what you call that? Marine expert na walang mga micro – mga organisms na nabubuhay jan, patay na yan. Baka hindi po iyun accurate. Because DENR has not come up with the study. Baka mamaya may mga importante po jan na mga organism na hindi natin nate-take into consideration na yun naman ho ang kinakain ng mga isda natin. So, we subscribe to the thought na any reclamation of Manila Bay would have also to the food security na natatamasa natin or yung mga dinedeliver ng Manila Bay. Kasi ho, kung hindi nyo natatanong, yun pong Las-Pinas – Paranaque Critical Habitat and Eco-tourism area, dun ho nabubuhay yung mga malilliit na isda. Spawning ground ho iyun nung mga isda. So, natatakot kami na any change in the flow of water in the whole of Manila Bay would have an effect there. And not only there, but also maybe dun sa isang probinsya na nagge-generate nung maraming huli ng isda which is Pampanga. Dahil nasakin na ho yung mikropono, sasabihin ko, in	find it theres another option on how to mitigate dun po namin sinusunod yung kanilang recommendation. As they are consulted, sinusunod po naming yung minimum requirement by the DENR before the public scoping was conducted and they even have a guideline na dapat naming i-comply. So, we adhere to that, siguro po kung may kailangan baguhin doon sa guideline na yon it would be the DENR role. And another thing, yun pong deterioration on the area or the deteriorated area, we are not presenting the project as solution para dahil patay na yun nalang ang gagawin. Hindi po ganun nag rationale. The proponent has conducted a feasibility will also be subjected to the evaluation of different agencies that we have consulted later on. Kaya po ginagawa yun ganitong exercise is for all of us parties to see how this would mutually benefit the community. So, the points of the office of the senator is well taken and I believe with the DENR here it will be also considered with the review.

MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

	general ho, we are very concern in reclamation project because of its, we call people damage effect. In tagalog ho, tatlong nakakapinsalang epekto. Unang-una ho, ang pinipinsala nya yun hong tatambakan, kung saan ho gagawin yung reclamation. Kasi sinasabi ko nga may mga organism dun na mga marine wealth and resources na sisirain nyo kasi yung tubig don gagawin mo ang lupa. Pangalawa ho, yung source ho ng pagkukunan nyo ng pantambak. I gathered that in this, for this reclamation you would get it from the Nicolas Shoal. Si Director Turbella of EMB has shown a letter to our office. And yung Nicolas Shoal hindi na yata pagbibigyan ng ECC yun na makuhaanan ng pantambak. Bakit ka-nyo? Kasi ho over extracted na yata ho, naaapektuhan na yung community don. Pangatlo ho, yung pangatlong mapipinsala sa mga reclamation projects, yun hong community, yung surrounding community. Diba pag nagreclaim kayo lagi ho yang mas mataas kesa ho jan sa natural na lebel ng lupa. So when the time comes, tulad ng na-experience natin two weeks ago, nagbaha ho tayo sa Matro Manila, almost	*Comment regarding to the issue of continuing mandamus issued by the Supreme Court:* Ms. Cristina L. Echon (City of Manila): Sasabihin ko nalang po iyan sa legal namin. DENR – EMB: Attorney, noted po iyan. Iko-consider po iyan sa review process yung suggestion nyo po sa public hearing.

	4 days in one week wala hong pasok yung mga anak natin. Bakit? Eh kasi ho ano nga lang iyun eh Habagat. Hindi na nagfoflow yung water. So this project would again add to that, anong tawag don, yung iipit sa tubig para makadaloy, maganda yung daloy ng tubig papuntang Manila Bay. Hindi nyo ho naitatanong kasi, lahat po ng tubig doon sa 178 LGUs, ang daloy ho nyan eh Manila Bay eh. So, when I see, ano ho bang probinsyang sakop nun? Laguna kasi Laguna Lake, Rizal, Cavite, then the 16 cities of Metro Manila and 1 municipality of Pateros, Bulacan, Bataan, Pampanga, Zambales. So, iyun ho lahat, we rely on Manila Bay. So, kahit na anong, sa aming palagay ho, ang gawin mo sa isang parte ng Manila Bay would have an effect on all these areas surrounding Manila Bay. Isa pa, meron hong in- ang Supreme Court na continuing mandamus for the clean-up of Manila Bay. To restore, preserve and maintain Manila Bay. Ibig sabihin ho, there were 13 government agencies kasama na yung Philippine Coast Guard, DepEd, Department of Health, DILG, DPWH, MMDA, PPA, PNP. Minandate po tayong lahat	

MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

	para linisin ang Manila Bay. So, hindi ho yung pagtatambak ng lupa sa Manila Bay ay hindi in-line sa clean – up ng Manila Bay. Kanina nakita nila kanina na sinasabi iyung tatakpan naman there is no life, madumi naman. I cannot see the logic, bakit kung madumi dapat. Yun na lang ba ang solusyon. Anyways, yung tubig nanjan na yan bago pa dumating. Ang nagdudumi ho, yung tao. So, dapat ang i-change yung behavior ng tao, kung paano maging malinis, para hindi magtapon-tapon o maging maruni yung tubig. Kasi hindi ho yung tubig on its own naging marumi sya. It is because of human activities. And kung dadagdagan nyo ho yung lupa at magkakaroon ng human activity edi mas marami hong tubig na lalo pang dudumi. It would just, the problem would just replicate. Ibig sabihin, kahit ano hong takip nyo jan, eh hindi ho iyan ang solusyon sa pagdumi o yung pagdumi ng tubig. Meron hong baka kailangan change of human behavior. And yung nga, collective efforts ng lahat not just the government agencies but each one of us. Lastly ho, and fearful ho ako sa reclamation is yun hong tubig eh ginagawa nating lupa. In the end, pag meron hong	

	bagyo hindi nyo po ba napapansin, yung lupa kung nasaan tayo yung nag nagiging dagat. So, iyan ho, sana yung gusto kong iwan sa inyo. Sana yung naenjoy nyo eh manumbalik. I was born in 1972, naabutan ko pa na yung coastal road eh beach. Sana manumbalik yung ganun para hindi na tayo pumunta ng probinsya. Thank you.	
	Tatanong ko yung DENR, kasi diba there's this, you need an area clearance before you go to apply an ECC. But lately, DENR has changed it parang uunahin nila yung ECC. So, actually kukwestyonin na din namin kayo dun. Parang against yun sa EIA, as process, as envision by legislation. Because ang fear namin, pag-uunahin ninyo yung pagdraft ng ECC, environmental compliance certificate, which is just plannig for you to say, unless sasabihin nyo ngayon na there is no built or no reclamation is an option? No, because from the point of view ng EMB and sagot nyo jan is ECC, yung EIA is parang planning tool. So, we go back, diba may tinatawag na area clearance? Sana nauua yun para yung experts	**Mr. Carl Santiago, DENR – EMB:** Magandang tanghali po. So nagkaroon po ng issuance and office of the secretary ng DENR Central Office, DAO 2018-14. Babasahin ko lang po yung title, Guidelines on the Issuance of Area Clearance for Reclamation Projects and Proclamation / Special Patents over Reclaimed Lands. So, eto po yung clarification dun sa sinasabing area clearance. Yung release ng DAO na ito sumabay dun sa posting sa website nung public hearing. Didisregard ko na po ito at didiretso sa ko sa pinakapoint. Yung requirement po namin ngayon for other projects

MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

	na magdedetermine whether the project should be done, is done by the independent group of people na galing sa DENR, gastos ng DENR not at the initiative of a project proponent. So, we're ready and prepared sa committee ng Senate to question yung newest DENR issuance. Because we feel that it is disadvantageous pag sa usapin ng environment and it favors and mga proponents of projects.	na hindi pa narereview, kukuha muna sila ng requirements for area clearance sa DENR – NCR and then they secure a notice of proceed sa DENR RED para sa application ng kanilang ECC before the issuance of area clearance. So, in short po, ang mangyayari po ngayon requirements of area clearance, you secure it and then bibigyan ka ng RED ng notice to proceed para ireview yung EIA at ECC application mo sa amin. And then we review it based on the findings ng pagsusurvey ng composite team dun sa processing nung area clearance. And then after nung review naming with the ECC issued for example, issuance of the area clearance itself will follow. So, iyun po ngayon ang process.
	Thank you, kaya lang kasi we're viewing that na parang correction ng error na ginawa ng DENR. Because in the other reclamation projects including dun sa Las Pinas – Paranaque, you've issued the ECC without the area clearance, so we feel na meron don kasi because strong kasi nakipaglaban si Sen. Villar, the ECC of that project have been cancelled by then secretary Gina Lopez. Pero yung Manila Bay Sunset, parang may in-issie na din dun na ECC, I don't know with respect to	So iyun po ma'am, medyo nagkaroon langpo ng confusion before sa management ng DENR. The application po ngayon is prospective. The DAO 2018-14 will apply to new reclamation projects and projects that are still undergoing ECC application or review process.

	Paranaque and Pasay. Baka kasi ang ginagawa nyo is clarification but infact it is a correction of your error. Because in the other reclamation projects that you've made, you have issued the ECC ahead of the area clearance. Will that new rule apply to the old or na-grant na ECC or ang dapat na nag-aapply nyan is yung dati? Kasi, we have full blown in the sedation in the senate and note that is one of the issues that was raised. So, ibig sabihin dati nag-issue agad kayo ng ecc without area clearance. Ngayon to take up with the administrative order to correct it. But in reality, you just want to cover your error. Ganun namin tingnan yun kasi hindi kayo nagcomply dun sa unang requirement na area clearance muna before the ECC.	
3. Kag. Baby of Brgy. 128	Ang tanong ko lang po ay, ang proyekto nyo po ay tatagal ng 4 na taon. Hindi po kaya maapektuhan ang aming mga building dito na nakatayo dahil po sa tagal ng proyekto ninyo dahil ang iniingatan po natin ay ang The Big One na darating?	**Ms. Malou Gutierrez (PHILKAIROS):** Ma'am, 1 and a half years lang po yung reclamation na pronopropose po hindi po 4 years. At kung nakikita nyo po, isa po dun sa mandato ng guidance ng DENR ay i-address po yung kung papaano mamimitigate or malelessen yung posible

		effect. Kagaya po ng nabanggit ko kanina, hindi po talaga maiiwasan na pag totally gagalaw yung west valley fault ay wala tayong mararamdaman, hindi po ganoon. And idea po ay yung how do we survive such instances. So, kailangan ng proper engineering measures kagaya ng anong teknolohiya ang gagamitin, tama ba yung materyal na itatambak, yung egineering materials like sheet piles tama ba na yun ang gamitin. Lahat po yon kailangang ma-consider dahil don sa magnitude ng pwedeng mangyari. Kaya po sinusukat, let's say ng PHIVOLCS, nagpa-certify tayo kung gaano sya kalayo. Sinabi o nya sa amin kung anong pwedeng maging epekto. Knowing the effects po, ibibigay po iyun sa engineering department para magkaroon ng karampatan o angkop na engineering design, na later on naman po ay ie-evaluate ng PRA to the NEDA kung supisyente. So, mahaba-haba pa po yung proseso pero yung ganung pong konsiderasyon ay kasama sa pag-aaral.

MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

4. Mr. Jon Relox from BFAR	This is not a question but just a suggestion with regards sa environmental impact assessment. Kung pwede sana maisama yung fishery resource assessment of the area, considering that don sa survey ay napakaraming phytoplankton species na pagkain ng mga isda. So, nakikita kasi namin na wala kayong napresent na kung anong mga species na isda ang nandoon. So, kung pwede maisama yung fishery resource assessment ng lugar.	**Ms. Julie Ann Butron (Marine team):** Nakalimutan ko din po idiscuss yung sa fisheries. The same with the corals po, yung sa fisheries na specific with that area, since naman po may naconduct naman na dredging activities na po jan at tsaka po nagfifill na po yung area, na-assume na po namin na wala na po talaang fishing activities po presently. At the same time, parang sa studies po na naconduct ng BFAR during 2017 ata iyun na paper at tsaka sa DENR na 2004, nakalimutan ko na po yung title, yung sa Navotas Fish Port na mga fisheries usually kinukuha po nila hindi na po dito sa area na ito. Dun na po iyunsa malalayong area na po yung fishes nila. Probably, meron naman pong fish community jan pero hindi na po yung pang-fisheries na sizes po. **Ms. Malou Gutierrez (PHILKAIROS):** Mention lang po namin, kumonsulta po kami sa head ng BFAR on fishery resources ng central office ng BFAR. She mentioned na yung concern nya is not

		actually dun sa immediate area nung project. She suggested kung saan area pwede i-consider outside the industrial area along the Manila Bay na baka pwedeng yung proponent and the City of Manila could consider in terms of rehabilitating. Meron po syang cited na report na ginamit ng aming Marine Ecology team na yung quality nung sardines I think, payat na daw po yung sardines na nahuhuli ngayon within the immediate vicinity of Manila Bay. Unless, they go farther deeper out at sea. So kinonsider po iyun actually as a reference para kung sakali man hindi dun sa immediate area, it wuld be considered as part of their social development program. To expand dun sa entirety nung Manila Bay.
5. Andrew Macalalag, Kabataang Sambayanang Kristyano	I would like to agree with Madame Attorney from the office of Sen. Villar and nainahan lang ako sa tanong pero I think na kapag nag rereclaim tayo ng area yung tinatambak natin, kasi nakafocus tayo sa reclamation na mapabuti natin and mapaganda natin, but we are not thinking about the community na kinukuhanan natin nung itatambak jan, which is the	**Engr. Benny Sangalang, (R-II Builders):** Unang-una po, hindi po kami magtatayo ng nuclear powerplant. Warehouse lang po ang itatayo namin jan. insudtrial zone na kamukha nga po ng sinabi ng ating presenter, magko-comply po tayo sa national government rules and regulations. And besides, pagkatapos po ng project,

MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

	shoreline ng Cavite. Tsaka sabi ninyo kukuha kayo ng filing sa Rizal. So, gaano karaming lupa ang kailangan ninyo, ilang bundok yung papatagin ninyo, which is kami din naman sa Maynila yung maaapektuhan kapag nagkakaroon ng flashflood kapag malakas na malakas yung baha yung tubig pababa dito. Regarding to my question, dahil dito kami naakatira, do you have any proposed plan? Ano po yung mga itatayo nyong facilty o mga factory jan kasi natatakot kami. Baka mamaya magtayo kayo ng nuclear power plant jan tapos dito kami nakatira. Eh meron na hong mga oil depot jan, yung sa Pandacan nga pinatanggal tapos nandito sa tabi namin. On my research din po kagabi, nakitaan din po sa eco-waste na kinakitaan din nila dati nagpa-pile yung mga barko jan ng coil na kapag humahangin sumasama dun sa Manila Bay. Gaano kami kasigurado na kung halimbawang matuloy yan ay talagang susundin nung mga makakabili ng lupa jan yung environment consent or concern namin kasi kami nakatira dito hindi naman kayo. Kami yung maaapektuhan. Paano po kaya yun ma'am?	meron po tayong Multi-partite team, composed of and ofcourse headed by EMB and then the proponent and the concerned barangay and NGOs. So, kung titingnan po natin yan at yung sa pagtambak naman ganun din po. Magko-comply tayo sa batas. Lahat ng mitigation na hindi makakasama sa kapaligiran gagawin natin yun. Kaya nga po pinag aralan natin yung traffic management, impact assessment anong impact neto during consttruction, during operation. Pinag-aralan po natin yan. Parte po ng ating EIA. So, hindi po natin pababayaan, ofcourse and DENR – EMB hindi papabayaan na mag-violate po tayo sa ating batas, sa masamang ikaaapekto ng kapaligiran. Salamat po. **Ms. Malou Gutierrez (PHILKAIROS):** Dagdag lang po dun sa sinabi ni Engr. Benny, yun pong aming aplikasyon sa ngayon ay dun lang po sa mismong reclamation project. So, kung meron man po kaming sina-cite na sources, nilalagay po sa report, i-evaluatin din po ng

		DENR yun. Kung yung pagkukuhanan po ng panambak ay may sarili syang environmental compliance certificate. So, kung sa San Nicolas Shoal, sila din po kasi under the PRA is applying for one so hindi po namin sakop yung aplikasyon namin doon, so, yun po ang tinitiyak nila. **Mr. Carl Santiago, DENR – EMB:** Clarify ko lang po yung sinabi ni Sir Benny kanina yung sa MMT. Actually, hindi na po kasama yung EMB and proponent po doon pursuant po doon sa DAO 2017 – 15. It is a third party which ang chairman is the LGU – MENRO or either a concerned government agency that has a mandate over the project. So, for that po, since wala na pong EMB, usually ang nag chairman po nuon ay LGU yung sa CENRO department. So, yung po wala na po yung EMB at proponent. And then yung kanina po to clarify lang po yung sa application po nung sa city government of Manila, its just only for the reclamation so yung sa 50 hectares lang po. Anything na vertical development po, i-

		aapply po nila ulit yun ng separate environmental compliance certificate. So choice na po nila yun kung programatic po yugn gagawin nila sa buogn ire-reclaim nila or separate na isa-isa po or depende po dunsa establishment na gusto nilang itayo. Also, yung sa source of filing materials, different ECC applications po iyun. Katulad po ng sa San Nicolas Shoal, which is pending pa din po amin ngayon, separate ECC application po iyun so may sarili po kaming review and evalaution at assessment po doon sa area. Thank you po.
6. Kag. Eduardo Langkay, Brgy. 105	Para po sa aming kapakanan ng mga taga-105. Yun inyong gagawin na reclamation area, yung project po ninyo ay malapit po sa amin. Ang pinapangambahan lang po namin yung pong pagtambak ninyo ng panambak ay baka po magkaroon ng wave at baka po maapektuhan po yung aming mga kababayan at saka yun pong pagtambak ninyo ng mga lupa ay magkaroon ng malakas na hangin ay mapunta po roon sa aming mga nasasakupan ay maaapektuhan po ang aming mga mamamayan. At isa pa po, baka po yung mga dumadaong na barko jan na	**Ms. Malou Gutierrez (PHILKAIROS):** Dun po sa diniscuss namin kanina sir, regarding sa compliance ng vessel requirement, ni-note na po namin lahat ng policy ng Philippine Coast Guard at Philippine Navy ayon sa Marpoll, the speed of the vessel basic safety requirement ay hindi po sila pwedeng pumalaot kung hindi po susundin yun. At katuwang po doon sa pagmomonitor ng operation ng barko yung PCG. Pangalawa po, dunsa pagnanjan na yung

	nagdadala po ng mga panambak napakabigat po nyan, pagdaong po nyan ay magkakaroon po ng wave talaga iyan. Kasi po yung aming hapilan ay may mga nakatira po doon sa mya malapit sa tubig dagat. Pagnagkaroon po ng wave, maaapektuhan po yung aming mga kababayan. So yung kaligtasan lang po ng aming mga kababayan ang aming iniingatan, dahil kami rin po ang mapuputukan bilang mga opisyales po ng barangay 105. Salamat po.	reclamation, kung sakali man, meron pong sariling eksperto na gumawa nung pagbabago nun behavior. And tawag po nami ay yung tidal modeling, kung paano magbebehave yung tubig. So, base po doon sa mga pag-aaral na yun, kung anuman pong engneering design at requirements na kailangan para maitayo yung proyekto at maiwasan o hindi mangyari yung pagbabago o maibalik sa dati ay kinosidera.
7. Maria Clarinda Mendoza, ComSec of the Senate Committee on Environement and Natural Resources	Susog lang po doon sa sinabi ni kagawad, ano po ang assurance ng mga community na nasa paligid nung proyektong ito na kung anuman ang mangyaring disgrasya meron silang matatanggap, pinansyal man or anumang assistance mula sa proponent or local or national agencies or government?	**Ms. Cristina L. Echon (City of Manila):** Lahat naman ng sakuna nagre-response si Mayor Erap, kahit sa nasunog. Any calamities may ano po ang DSWD jan. May tulong po talagang binibigay **Engr. Sangalang, R-II Builders:** Bilang co-proponent po ng City of Manila, pinag aralan po sa engineering intervention, nagkaroon po ng pag-aaral sa alon, yung coastal engineering study, yung modeling, yung flashing, yung behavior po ng tubig before na wala yung project at pagkatapos ng project. Although, hindi p maaassure yan kasi

		natural calamity, pero as much as possible, ginagamit po natin yung engineering intervention na sinasabi at pag-aaral para mamitigate kung hindi man po maprevent, maregulate yung mga ganyang aksidente. So, ginagawa po nating lahat yon. And then, kung sakali man po na may maaksidente, I believe ang proponent naman po ay hindi papabayaan. Unang-una lalo na sa panahon natin ngayon, for humanitarian reason, usually pag naperwisyo ang isang nagtatayo ng structure, pag may naperwisyo ay sinasagot po iyon. Kung sakaling manyari man po, maaasahan po ang tulong ng proponent kung ang pinsalang nangyari ay napatunayang dahil sa pagtatayo ng istraktura. Salamat po.
8. Atty. Armi Corpuz, Office of the Sen. Cynthia Villar	Merong tinatawag na Environmental Guarantee Fund na nakapaloob sa EIA or sa ECC. Ibig sabihin magtatayo ng pondo yung proponent para kunwari may sakunang mangyari, that fund would easily answer for the damages that would be suffered by those affected particularly those in the community. Eto lang yung tanong namin, lagi lang	**Mr. Carl Santiago, DENR – EMB:** Yung sa EIS, if ever po na maisyuhan sila ng ECC, nakapaloob naman po yon doon sa Section 8 or 9 meron po dong declaration ng EMF at EGF. Ngayon po malalaman ng public dahil nakapalaoob po sya sa EIS. Yung EIS po isa syang public document pag

	kasing nakapaloob yun sa ECC na ini-issue nyo EMB. Pero, how do you compute for that and how will people claim for that? Who would be entitled to those? Kailangan ba as early as now yung mga tao na sa tingin nila ay pwede maapektuhan ng proyekto nyo magpalista na? paano ba nyo ginagawa yon? Is it something which works? Kasi nababasa lang namin sya lagi when you issue your ECC. But who determines the amount and malalaman ba yan ng community and what are the mechanics and how the people could avail that? Kasi parang sa sagot ni Sir, based on their generosity yung lumalabas, pero hindi kasi alam ng tao na sa mga proyektong ganito, mandatory sa proponents na magtayo ng pondo. Ang tanong namin, paano mo ma-avail yung pondo na yon? Magkano yun? If the project is 6.9 billion, what percentage of that cost would be alloted as a guarantee fund and when will it be included in the ECC? Thank you.	naisyu na po yung ECC sa proponent. Kung magkano po ay nirereview din sa office kung gaano po kalaki yung dapat nilang i-put up sa isang project. Kasi hindi naman po sa kung gaano sya kalaki kasi replenishable naman po yun. Mag-oopen po sila ng bank account and then for instance, they declare 500,000, if ever na mabawasan yun, agad-agad ire-replenish nila yun into a full amount of 500,000 ulit dun sa isang bank account po. separate naman po yung environmental guarantee fund (EGF) dun sa isa pang dineclare nila na environmental monitoring fund (EMF) which will be for the MMT naman po. Usually, 500,000 ang initial amount depende pa po sa nature ng project. Sa review tinitignan din po ng review committee yun kung sasapat po ba yung kanilang dineclare. **Ms. Elizabeth Mendoza, PRA:** Addition lang, I think yung sa environmental

	How much is the cost kung irerestore back mo sa tubig? How much would it cost? Pwede bang may ganun computation ng DENR as an alternative?	guarantee fund is specific for environmental damages and restoration of damages regarding environmental. But for this ma'am, kasi for all risk insurance I think. Kasi if its for infrastructure project, usually a contractor is mainly required to pose all risk insurance that would cover all accidents, people, property, everything na iko-cover ng all risk insurance. I think that would cover yung concern kanina kung haimbawang may mangyayaring accident within the periphery caused by the project. **Mr. Carl Santiago, DENR – EMB:** Per our guidelines, yung proponent po ang mag-e-establish ng environental guarantee fund (EGF). Pero yung sa establishment po nung EGF with regards po sa agency namin siguro we'll try to discuss or ino-note nalang po namin yun ma'am kasi for now wala po talaga kaming ganun.
9. Kag. Albin Salamat, Brgy. 128	Ang unang concern ko, kasi nung nagpublic scoping may mga sectoral representatives, pag meron daw tinambakan, malaki ang chance ng pagbaha. Pero nung pinaliwanag na yung ifi-	**Ms. Malou Gutierrez (PHILKAIROS):** Yung suggestion nyo po regarding sa social development program, iko-consider po iyon.

MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

	fill mo dun sa nireclaim mo ay galing din sa dagat. Ang gusto ko ng sabihin, kung may bababaw, may aangat, may lalalim naman. wala namang mag-ooverflow na tubig. Ang concern ko ngayon ay parang iba na noon kesa sa presentation ngayon. Pag-umuwi ba ako sa barangay at tinanong ako ng mga simpleng taong kasama natin, yun pa din ba yung sasabihin ko napaniwalaan ninyo? Kasi parang valid yung kanilang takot na baka naman magkaroon ng mga ganun gawain. Yung pangalawa, nakakatakot yung fecal coliform. Sa lahat ng tubig, sa freshwater, sa groundwater at saka sa marine water, lahat lumamapas. So, ibig sabihin nyan yung iniinom ng mga tao dito ay contaminated at yung ating body of water ay contaminated. Itong project na ito sana hindi lang ito mag-isip na sana hindi na kami makadagdag dun sa problema, kundi bahagi din sana ng social development project nya or social responsibility component, ayusin at irehabilitate para at the same time ay matutuloy yung project nyo at the same time yung community sa paligid meron tayong iniwanan.	Particularly, kagaya ng sinasabi sa office ng representative ng office ni Sen. Villar, yung mindset ng community on how to practice good sanitation. So, mejo mahirap po iyun kasi naging kultura na pero that will be of the program. As for the explanation naman po, general principle naman po iyon. Kaya sa pag-aaral po talaga, ang maaaring mabago ay yung metodolohiya kung papaano maiiwasan yung pagbaha dahil mas nagiging definite nga yung pamamaraan kung paano gagawin. Nonetheless kagawad, ang role po talaga ng paggawa ng EIA ay para mahanapan ng mga pamamaraan para maiwasan po yung geo-hazards, isa po dun yung flooding.

MINUTES OF THE MEETING OF THE PUBLIC HEARING dated AUGUST 3, 2018

Project: **PROPOSED MANILA HARBOUR CENTRE RECLAMATION PROJECT**
Project Proponent: **CITY GOVERNMENT OF MANILA**
Project Location: **BARANGAY 128, TONDO, MANILA**
Venue of the Activity: **BRIDGE OF HOPE SCHOOL (SOCIAL HALL), BARANGAY 128, TONDO, MANILA**

10. Ms. Jane Galleto, PPA	Tanong ko lang po, once the project has been issued or has been granted with an ECC, so ang proponent is the City of Manila. They will be the one po ba in-charge of monitoring the compliance of conditions stipulated in the ECC?	**Mr. Carl Santiago, DENR – EMB:** Actually, EMB po ang magmomonitor nun. Magkakaroon po kami ng table monitoring and site monitoring. May submission din po ng compliance monitoring report, semi-anually po yung CMR and CMVR which is the compliance monitoring and validation report. Yung CMVR po technically is the MMT report. Pag nagkaroon po tayo ng ECC, magkakaroon p ng establishment ng MMT. May MOA po kasing gagawin jan, i-dedetermine kung sino yung mga memebers. Yun po ay nakabase dun sa DAO 2017-15, yung guidelines po dun sa establishment ng MMT. So, iyun po, may MMT na magsusubmit ng copliance monitoring report. Si proponent po, magsusubmit din sya sa amin ng compliance monitorin report sa central office sahil kami yung nag-issue ng ECC. And then, meron pa po which is the self monitoring report or SMR, which will be submitted by the proponent quarterly sa EMB-NCR. So, dalawa po kami magmomonitor ni Regional

		office concern which is the National Capital Region.
	So, the monitoring will commence on the start of the project implementation until the operational phase. So, diba yung land will be parang ibebenta or meron syang mga certain locator. Until such time na operational, its still the MMT who will monitor the conditions of the ECC?	Yes po ma'am. Yung sa reclamation site po. after po nun, yung sa vertical development, depende na po iyun kung papaano nila i-aapply po an ECC. Pero yung sa MMT, yung imomonitor lang po nila is kung ano yugn naging problem.